H
E
K
A
S
I

6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

# SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS



# SAMAHANG PANREHIYON AT PANDAIGDIG KASAPI ANG BANSANG PILIPINAS


**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS), DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.


This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

GRADE VI

# SAMAHANG PANREHIYON AT PANDAIGDIG KASAPI ANG BANSANG PILIPINAS

## ALAMIN MO

Suriin mo ang larawan



Ano ang nakikita mo sa larawan?
Ano ang gustong ipahayag ng larawan?
Bakit ipinakita sa larawan ang pagkakapit kamay ng bawat isa sa larawan?

Sa modyul na ito matutuhan mo ang kahalagahan ng pagsapi ng Pilipinas sa mga Samahang Panrehiyon at Pandaigdig.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Tingnan ko kung natatandaan mo pa ang ating nakraang aralin tungkol sa pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Ibang bansa sa iba't-ibang panahon.

Isulat kung ang mga pangyayari ay naganap sa panahon ng Unang Pilipino, panahon ng Espanyol, Panahon ng Amerikano o Panahon ng Ikatlong Republika. Isulat ang UP para sa Unang Pilipino, E para sa Espanyol, A para Amerikano at IR para sa Ikatlong Republika sa unahan ng bawat bilang.

_______1. Nakipagpalitan ng kalakal ang mga Pilipino sa mga Tsino

_______2. Ang pakikipag-ugnayang panlabas ay pinamamahalaan ng Bureau of Insular Affairs.

_______3. Naging kasapi tayo ng United Nations Organization.

_______4. Ang gobernador-heneral ang nakikipagsundo sa mga bansang silanganin.

_______5. Ang ugnayang panlabas ay pinamamahalaan ng Kagawaran ng Ugnayang Panlabas.

## PAG-ARALAN MO

Suriin mo ang mga logong ito.

Ito ang tatlong logo sa mga pangunahing samahang kinabibilangan ng Pilipinas UN, ASEAN at APEC.

Malalaman mo sa araling ito ang kabutihang naidulot sa bansa ng pagsapi sa mga samahang panrehiyon at pandaigdig.

1. Basahin mo ang sanaysay na ito:

Ang Samahan ng mga Bansa sa Timog Silangang Asya o Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) ay isang samahang panrehiyon. May kanya-kanyang kultura at kasaysayan ang mga bansang Indonesia, Malaysia, Thailand, Singapore at Pilipinas at sila ay nagkabuklud-buklod upang itatag ang ASEAN, sa pamamagitan ng paglagda sa Deklarasyon ng ASEAN noong Agosto 8, 1967 sa Bangkok, Thailand. Naging matagumpay ito at nadagdagan ang mga kasaping bansa nito nang umanib ang Cambodia, Brunie, Vietnam, Myanmar at Laos. Binubuo ang ASEAN upang matamo ng mga bansang kasapi nito ang kaunlarang pangkabuhayan, panlipunan at pangkultura at pangalagaan ang kapayapaan sa rehiyon.

Ang mga tao sa estado ay nagsikap ng pamamaraan na mabuhay na matiwasay sa kani-kanilang lugar at maiwasan ang digmaan kaya ang bansang Pilipinas ay hindi nag-atubili na lumagda sa KARTA ng UNO na may 51 bansang kaanib na ito. Ang UNO ay itinatag at pinagtibay noong Oktubre 24, 1945.

Ang ASIA PACIFIC ECONOMIC COOPERATION (APEC) ay samahan ng mga bansang kahangga ng Dagat Pasipiko. Ang mga kasaping bansa sa Austarlia, Brunie Darussalam, Canada, Chile, People's Republic of China, Hongkong, Indonesia, Japan, Republic of Korea, Malaysia, Mexico, New Zealand, Papa New Guinea, Pilipinas, Singapore, Chinese, Taipei, Thailand at ang Estados Unidos ng Amerika.

Sa pakikipag-ugnayan sa ibang bansa, isinasaalang-alang ng Pilipinas ang pambansang soberanya, karangalan at teritoryo, pambansang interes at karapatan sa sariling paninindigan. Batay ito sa patakarang pagsasarili sa mga gawaing panlabas ng bansa.

Ang pamamahala sa mga gawaing panlabas ng Pilipinas ay tungkulin ng Kagawaran ng Ugnayang Panlabas (DFA). May mga tauhan itong nakatalaga sa iba't-ibang bansa na tinatawag na diplomat. Ang mga ito ang nangangalaga sa interes ng Pilipinas at kapakanan ng mga Pilipino sa bansang kinaroroonan nila.

Ang pakikipag-ugnayan ng ating bansa sa mga kasaping bansa ay mga layuning pulitika, ekonomiya, militar at kultura. Ito ang tinatawag na pag-aasahan ng mga bansa sa daigdig.

2. Pag-aralan mo ang tsart.

| Samahang Kasapi ang Pilipinas | Kahalagahan sa Bansa |
|---|---|
| 1. ASEAN | ➢ Pagpapaluwag ng mga regulasyon sa malayang talakayan<br>➢ Paglulunsad ng mga programa sa pananaliksik<br>➢ Pagpapalitan ng mga estudyante alagad ng sining at mga pang-kulturang pangkat ng mga kasaping bansa<br>➢ Pagkakaroon ng matatag at malapit na ugnayang pandiplomatiko at pang-ekonomiya. |
| 2. UNO | ➢ Pagkakaroon ng magandang edukasyon kapayapaan, agham at teknolohiya karapatang pantao at pagbibigay proteksyon sa kalikasan.<br>➢ Pagbabawal ng pag-empleyo ng mga bata sa mga pagawaan.<br>➢ Pagkakaroon ng sentro ng mga gawain upang matamo ang kaunlaran. |
| 3. APEC | ➢ Pag-unlad ng siyensya at teknolohiya, pang-industriya sa paraan ng palitan ng mga kaalaman at kasanayan ng mga kasapi nito.<br>➢ Paunlarin ang kalakaran, paglinang ng yamang tao, enerhiya, tele-komunikasyon, transportasyon, turismo at pangisdaan.<br>➢ Pagpapataas ng antas ng ekonomiya<br>➢ Pagkakaroon ng isang matatag na palitan ng salapi o exchange rate at mababang inflation rate.<br>➢ Pagpapataas ng antas ng edukasyon |

Kailangang bang sumapi ang Pilipinas sa mga samahang panrehiyon at pandaigdig? Bakit?

Nakatutulong ba ang mga samahang panrehiyon at pandaigdig sa Pilipinas? Ipaliwanag mo ang iyong sagot.

Sa bawat samahang panrehiyon at pandaigdig ang Pilipinas ay nakikipagkaisa at nakikipagtulungan sa mga bansa sa daigdig. Hangad ng Pilipinas na mapasama tayo upang maiparating sa kinauukulan ang suliranin at isyu na kinasasangkutan ng bansa. Ang pinakamagandang halimbawa nito ay ang usapan tungkol sa (OFW) overseas Filipino worker at ang suliranin tungkol sa Spratlys.

## PAGSANAYAN MO

Bibigyan kita ng mga katanungan upang malaman ko kung nauunawaan mo ang aralin mo ngayon. Handa ka na ba?


1. Ano ang pangunahing layunin ng ASEAN?
   a. pag-unlad ng kabuhayan
   b. paglutas ng suliranin ng bansa
   c. paglahok ng mga manlalaro sa ASEAN games
   d. pagtatanghal ng timpalak sa kagandahan

2. Ang Pilipinas ay kasapi ng pangrehiyon at pandaigdig na samahan tulad ng
   a. NSDB
   b. ASEAN
   c. NCEE
   d. PAG-ASA

3. Mga bansa sa Timog-Silangan Asya ang bumubuo ng ASEAN. Alin ang hindi kasapi nito?
   a. Malaysia
   b. Singapore
   c. Hapon
   d. Indonesia

4. Ang ASEAN ay itinatag upang mapangalagaan ang kalagayan ng mga kasaping bansa sa anong larangan?
    a. teknolohiya
    b. pangkabuhayan
    c. ideolohiya
    d. pag-uugnayan


5. Ano ang sinisikap gawin ng mga Pilipino bilang kasapi ng ASEAN?
    a. patibayin ang pakikipag-ugnayan sa mga bansang kasapi nito
    b. patibayin ang pagkakaibigan
    c. patibayin ang pagsasamahan
    d. patibayin ang pagiging magkalapit-bansa



## TANDAAN MO

Ang pagsapi ng Pilipinas sa mga samahang panrehiyon at pandaigdig ay mahalaga sa kaunlaran ng bansa.

Nagkakaroon ng ugnayang pangkalakalan na makatutulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng bansa.



## ISAPUSO MO

Ang pagsapi sa UN at ASEAN ay naghahangad ng kapayapaan at kaunlaran. Dapat lamang na igalang natin ang mga kasaping bansa na tumutulong sa ating ekonomiya .




## GAWIN MO

Pag-aralan mo ang puzzle.

Hanapin at bilugan ang pangalan ng mga bansang kasapi sa ASEAN.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| L | A | O | S | P | A | C | D |
| V | I | B | R | U | N | E | I |
| I | N | D | U | M | E | S | Y |
| E | D | A | M | A | P | P | I |
| T | O | D | A | S | Q | I | D |
| N | N | N | L | I | Y | L | E |
| A | E | A | A | N | E | I | N |
| M | S | L | Y | G | T | P | D |
| I | I | I | S | A | A | I | O |
| R | A | A | I | P | N | N | N |
| S | L | H | A | O | A | A | V |
| E | L | T | A | R | A | S | V |
| M | Y | A | N | M | A | R | D |



## PAGTATAYA

Lagyan ng tsek (✓) ang kahulugan ng pagsapi ng Pilipinas sa ASEAN/UNO at ( X ) ang hindi

________1. Nakatutulong na mapanatili ang kapayapaan.

________2. Magkakaroon ng pakikipag-ugnayan sa mga bansang kasapi.

________3. Natutulungan ang Pilipinas sa kanyang mga suliranin.

________4. Naging palakaibigan sa ibang bansa.




________5. Nagkaroon ng alitan ang mga bansa.

PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Pumunta sa aklatan para makabasa ng Bagong World Almanac o ensayklopidyang magbibigay ng impormasyon tungkol sa mga bansang kasapi sa ASEAN. Buuin ang tsart.

| Bansa | Bilang ng Populasyon | Relihiyon | Uri ng Pamahalaan | PRODUKTO |
|---|---|---|---|---|
| 1. Malaysia | | | | |
| 2. Thailand | | | | |
| 3. Singapore | | | | |
| 4. Brunei | | | | |
| 5. Indonesia | | | | |



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.

Susi sa Pagwawasto

1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. X